# Pag-aaral mula sa bahay sakaling ipasara ang mga paaralan

## Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

Kung kinakailangan na magsara ang paaralan ng inyong anak, ang paaralan ay makikipag-ugnayan sa mga pamilya sa pamamagitan ng mga karaniwang paraan (maaaring ito ay sa email, SMS o websites).

Kung ang mga paaralan ay sasarhan ng mas mahabang panahon, ang mga paaralan ay magpapatuloy na magbigay ng mga aktibidades para sa pag-aaral ng inyong anak sa bahay at ang paaralan ay makikipag-ugnayan sa inyo tungkol sa kanilang pag-aaral.

Sa maraming mga paaralan sa kabuuang estado, ang mga guro ay nakapagbigay at napangasiwaan na ang mga aktibidades sa pag-aaral sa pamamagitan ng mga kagamitan sa kompyuter (online). Ang ilang mga paaralan ay maaaring magdaragdag o ipagawa ang lahat na mga aktibidades sa pag-aaral ng inyong anak sa 'online'. Maaaring kasama rito ang ilang mga araling 'live'. Kung kayo o ang inyong paaralan ay walang kakayahan sa digital o online, gagamit sila ng mga estratehiyang hindi-digital. Maaaring kasama rito ang pagpapadala ng mga worksheets, libro o USB drive na may mga digital worksheets at mga videos sa inyong bahay o sa pamamagitan ng koreo.

Ang mga guro ay maaari ring kumontak sa mga grupo ng estudyante o isa-isa sa telepono.

Itong pahina ng impormasyon ay makakatulomg sa inyong pagkakaintindi kung paano ninyo matutulungan ang inyong anak na mag-aral sa inyong bahay, kasama na ang:

- Ang inyong mga responsibilidad – may mga dapat kayong gawin upang matulungan ang inyong anak na mag-aral sa inyong bahay katulad ng pagsasa-ayos ng mga kalakaran, pagkakaroon ng isang tahimik na lugar at pagsusubaybay kung paano umuunlad ang kanilang pag-aaral.
- Mga responsibilidad ng inyong anak – kailangan din ng inyong anak na sumunod sa mga kalakaran na naisa-ayos para sa kanila at kumpletuhin ang mga ipinapagawa sa kanila ng kanilang guro.
- Paano paplanuhin ang kanilang araw – bibigyan kayo ng inyong paaralan ng payo at gabay sa mga kinakailangang gawain ng inyong anak sa buong maghapon.
- Pag-aalaga sa kanilang kapakanan – kailangan ninyong tiyakin na sila ay may mga pagpapahinga, umiinom ng tubig at hindi nag-aalala o nababagot.
- Komunikasyon – mahalaga na kinakausap ninyong regular ang inyong anak tungkol sa kanilang inaaral. Ang guro o/at paaralan ng inyong anak ay makikipag-ugnayan sa inyo upang sabihin sa inyo kung paano kayo Magkakaugnayan.
- Paggamit ng teknolohiya at oras ng panonood – magiging mahalaga na pangasiwaan ang inyong anak sa ligtas na paggamit ng teknolohiya at maglagay ng mga limitasyon sa oras ng paggamit sa online.

## Pag-iinterpreteng Serbisyo sa Telepono

Kung kailangan ng dagdag na impormasyon mangyaring tumawag sa prinsipal ng paaralan. Kung kailangan ng tulong ng isang interpreter para sa inyong pag-uusap, tumawag lamang Telephone Interpreter Service sa 131 450 at humingi ng isang interpreter sa inyong wika. Wala kayong babayaran sa serbisyong ito.